10

# Araling Panlipunan

## Ikaapat na Markahan

## Modyul 3: Karapatang Pantao

DepED
DEPARTMENT OF EDUCATION

| Modyul 3 | Karapatang Pantao |
|---|---|

## *Ikatlong Linggo*

***Pamantayang Pangnilalaman:***

Ang mga mag-aaral ay may pag-unawa sa kahalagahan ng pagkamamamayan at pakikilahok sa mga gawaing pansibiko tungo sa pagkakaroon ng pamayanan at bansang maunlad, mapayapa at may pagkakaisa.

***Pamantayan sa Pagganap:***

Ang mag-aaral ay nakagagawa ng pananaliksik tungkol sa kalagayan ng pakikilahok sa mga gawaing pansibiko at politikal ng mga mamamayan sa kanilang pamayanan.

**Pamantayan sa Pagkatuto:**

Nasusuri ang kahalagahan ng pagsusulong at pangangalaga sa karapatang pantao sa pagtugon sa mga isyu at hamong panlipunan.

**Paksa:** Karapatang Pantao

---



### *Subukin*

Magandang buhay mga butihin kong estudyante. Bago natin simulan ang pagtatalakay sa paksang nakapaloob sa modyul na ito mas nakabubuti na sagutin muna ang mga pagsubok para mabigyan ng panimulang ideya ukol sa kung ano ang paksang nakapaloob sa kwarter na ito.

**Paalala:** Huwag munang buksan at basahin ang talakayan habang sumasagot ka sa bahaging ito. Maging tapat sa iyong sarili.

**Panuto:** Piliin ang sagot mula sa pagpipilian at isulat ang titik ng tamang sagot sa inyong sagutang papel.

1. Ayusin ang mga dokumentong nasa loob ng kahon batay sa pagkabuo ng mga karapatang pantao mula sa sinaunang panahon hanggang sa kasalukuyan.

| | |
|---|---|
| 1. Magna Carta | 3. Cyrus Cylinder |
| 2. First Geneva Convention | 4. Universal Declaration of Human |

A. 1324 B. 3124 C. 3214 D. 1234

2. Isa sa mga sumusunod ay tinaguriang "First Human Rights Charter" ng mundo.
   A. Rosetta Stone C. The Cyrus Cylinder
   B. Magna Carta 1215 D. English Bill of Rights
3. Ang ibig sabihin nito sa English ay "The Great Charter"
   A. Rosetta Stone C. The Cyrus Cylinder
   B. Magna Carta 1215 D. English Bill of Rights

4. Ito ay ginawa ni Sir Edward Cook dahil sa pang aabuso ni Haring Charles I.
   A. Rosetta Stone C. The Cyrus Cylinder
   B. Magna Carta 1215 D. English Bill of Rights

5. Itinatag nito ang unang Red Cross.
   A. Magna Carta C. US Bill of Rights
   B. 1st Geneva Convention D. English Bill of Rights

6. Ito ay linagdaan ng 48 na kasapi ng United Nations.
   A. Magna Carta C. Human Rights
   B. English Bill of Rights D. Universal Declaration of Human Rights

7. Itinuturing na "International Magna Carta for all Mankind" ang dokumentong ito.
   A. Magna Carta of 1215 C. US
   B. English Bill of Rights D. Universal Declaration of Human Rights

8. Kadalasan ang pananakit at pambubugbog ay nangyayari sa loob mismo ng tahanan. Ito ay maaring masasabi na ang lumalabag sa karapatan ay ang _________.
   A. Kamag-anak B. Kaibigan C. Terorista D. Kriminal

9. Ang isang mag-aaral ay pinagsabihan ng guro na gawin nang maayos ang kanyang modyul. Ito ay paglabag na ________.
   A. Pisikal  C. Estruktural
   B. Sikolohikal at Emosyonal  D. Walang naganap na paglabag

10. Sinigawan at minura si Elise ng kanyang kapitbahay. Ito ay paglabag na _________.
   A. Pisikal  C. Estruktural
   B. Sikolohikal at Emosyonal  D. Walang naganap na paglabag

11. Kinulong si Arme ng tatlong araw at sinuntok ng pulis dahil sa bintang na panggagahasa. Ito ay paglabag na _______.
   A. Pisikal  C. Estruktural
   B. Sikolohikal at Emosyonal  D. Walang naganap na paglabag

12. Hindi dumating ang vaccine na inaasahan ng pamilya ni Ira dahil walang daan na maayos patungo sa kanila. Ito ay paglabag na_________.
   A. Pisikal  C. Estruktural
   B. Sikolohikal at Emosyonal  D. Walang naganap na paglabag

13. Mahalagang gamitin natin ang ating karapatang bumuto upang _____.
   A. Hindi mawala ang ating pagkamamamayan.
   B. Maiwasan nating masangkot sa gulo o karahasan
   C. Mailuklok natin ang mga opisyal na magbibigay ng pera
   D. Mailuklok natin ang mga opisyal na sa tingin natin ay ipaglalaban ang karapatan natin at kabutihang panlahat.

14. Piliin ang pahayag na naglalarawan ng isang Pilipinong iginigiit ang kanyang karapatan bilang mamamayan.
   A. Nakikinig siya sa mga hinaing ng mga taong naaapi.
   B. Nanonood siya ng mga serye ng kuwento tungkol sa karapatang pantao
   C. Aktibo siya sa isang peace and order committee ng kanilang barangay
   D. Ipinauubaya niya sa mga opisyal ng barangay ang pagpapasya sa mga proyektong dapat isagawa sa kanilalng komunidad.

15. Isa sa mga sumusunod ay nagpapakita ng kaugnayan ng karapatang pantao sa isyu at hamong pangkapaligirang kinakaharap ng tao sakasalukuyan.
   A. Ang karapatan sa pagkakapantay-pantay ang simula sa pagharap ng suliraning pangkapaligiran.

B. Ang karapatan sa pamamahinga at paglilibang ang dahilan kung bakit kailangang tugunan ang mga isyung pangkapaligiran.
C. Ang karapatan sa edukasyon ang nagbibigay-daan upang matutunan ang kahalagahan ng pagsusumikap ng bawat tao na pangalagaan ang kapaligiran.
D. Ang karapatang mabuhay sa pamamagitan nga pagkakaroon ng ligtas na kapaligiran ang pundasyon sa paggawa ng mga hakbang upang matuguan ang isyung pangkapaligiran.

## Aralin 1: Karapatang Pantao



### *Alamin*

Isang malugod na pagbati mga butihing estudyante, isa na namang makabuluhang paglalakbay ang tatahakin natin at tuklasin ang mga bagong kaalaman na tiyak ay marami kayong matutunan. Halina at simulan ang paglalakbay sa ikaapat na markahan. Sa bahaging ito, matutunghayan mo ang kasaysayan ng karapatang pantao.

Upang magkaroon ng mas komprehensibong pagkatuto kayo ay inaasahan na maisagawa ang mga sumusunod:

1. natatalakay ang pagkabuo ng mga karapatang pantao batay sa Universal Declaration of Human Rights;
2. nasusuri ang mga paglabag sa karapatang pantao sa pamayanan at bansa; at
3. napahahalagahan ang aktibong pakikilahok ng mamamayan batay sa kanilang taglay na mga karapatang pantao.




## *Panimulang Gawain / Balikan*

**Suriin ang Teksto**:  Basahin ang teksto sa ibaba at saguting ang mga tanong.

Si Nena ay galing probinsya. Lumuwas siya ng siyudad upang doon na ipagpapatuloy ang kanyang pag-aaral dahil pinangakuan siya ng pinsan ng kanyang nanay na tutulungan sa kanyang pag-aaral. Nang dumating siya sa siyudad ng Cebu ay sinundo siya ng kaibigan ng kanyang pinsan at dinala sa inuupahang bahay. Walang kamalay-malay na ang kapalit sa pagpapa-aral sa kanya ay ang pagbibenta ng laman o gawaing *prostitution*.

Pamprosesong Tanong

1. Anong karapatan ang nalabag sa nasabing balita?
2. Ano ba ang maaari mong gawin kapag nalabag ang iyong karapatan?
3. Paano natin mapangalagaan ang ating mga karapatan?



## *Tuklasin at Suriin*

Sa naunang modyuls napag-aralan ninyo ang uri ng mga karapatan, Katipunan ng Karapatan ayong sa ating Saligang Batas at gayun man ang karapatan ng bawat batang Pilipino. Bilang kasapi ng Nagkakaisang Bansa, binabatay natin ang ating Katipunan ng Karapatan sa Pandaigdigang Deklarasyon ng Karapatang Pantao (*Universal Declaration of Human Rights* o UDHR.

Tunghayan natin sa araling ito ang kontekstong historikal ng pag-unlad ng konsepto ng karapatang pantao mula sa simula hanggang sa pagkabuo ng UDHR.

THE CYRUS CYLINDER

- Ginawa ni Haring Cyrus ng Persia
- Yari sa pinatayong lawad na Hugis Silindro
- Tinatantiyang ginawa noong 539 BCE
- Unang talaan ng mga Karapatang Pantao ng mga taga Babylonia

- Kauna-unahang katibayan ng karapatang pantao ng daigdig
- Karapatang Pamili ng Sariling Relihiyon
- Karapatang Mamuhay ng malaya

MAGNA CARTA 1215
- The Great Charter sa Ingles
- Linagdaan ni Haring John I ng England
- Nagtataglay ng mga Karapatan para sa iilang mga taga Inglatera
- Hindi pwedeng ipakulong, ipadakip, at hawiin ang mga ari-arian ninuman ng walang pagpapasya ng hukuman
- Nalilimitahan nito ang kapangyarihan ng hari o monarkiya

PETITION OF RIGHTS 1628
- Ginawa ni sir Edward Coke dahil sa patuloy na pag-abuso ni Haring Charles I ng Inglatera sa kanyang kapangyarihanNang hindi pinakinggan ng Hari, ito ang humantong sa isang digmaang sibil na nagbunga sa pagkatalo ng hari at pagkamatay nito.
- Naimpluwensyahan nito ang Saligang Batas ng amerika
- Ipinagbawal nito ang pagpataw ng buwis ng walang pahintulot sa Parliament
- Ipinagbawal rin nito ang pagkulong ng walang sapat na dahilan
- Ipinangbawal rin nito ang pagdeklara ng batas militar sa panahon ng kapayapaan

HABEAS CORPUS ACT
- Ipinasa noong 1679 sa Inglatera
- Binigyan nito ng pagkakataon ang ikinulong na idulog sa hukuman at hamunin ang kadahilanan at pagiging legal ng kanyang pagkakulong
- Halos lahat ng bansa ngayon ay may Writ of Habeas Corpus

ENGLISH BILL OF RIGHTS
- Ipinasa noong 1679 sa Inglatera
- Kilala rin bilang English Bill of Rights
- Isang batas ng pariyamento ng Inglatera
- Nagtatakda ng ilang mga pangunahing karapatang sibil
- Nagpapaliwanag kung sino ang magiging manununod ng korona ng Inglatera
- Nabuo bunga ng *glorious revolution* laban sa pang-aabuso ni Haring James II

US BILL OF RIGHTS
- Inaprubahan noong 1787
- Dito itinala ang 10 *Amendments* sa saligang batas ng Amerika

FIRST GENEVA CONVENTION

- *The First Geneva Convention "for the Amelioration of the Condition of the wounded and sick in Armed Forces in the field"* 1864
- Ipinasa sa Geneva, Switzerland
- Ginawa para pangalagaan ang kalagayan ng mga sundalo, biktima at iba pang aoektado ng digmaan
- Itinatag nito ang unang *Red Cross* na kilala ngayon bilang *International Committee of the Red Cross and Crescent*

PANDAIGDIGAN NA PAGPAPAHAYAG NG MGA KARAPATAN NG TAO


- *The Universal Declaration of Human Rights*
- Ginawa upang maiwasang maulit ang mga pang-aabusong nangyari noong Ikalawang Digmaang Pandaigdig
- Pinangunahan ni Eleanor Roosevelt
- Naging basehan para sa *International Bill of Rights*
- Nilagdaan ng 48 bansang kasapi ng UN



## *Isaisip*

Ang pagkabuo ng karapatan ay nag-umpisa noong unang panahon pa man. Nabago ito at nahubog ng maayos sa pagdaan ng panahon. May mga karapatan tayo na tinatamasa kaakibat ang tungkulin bilang mamamayan. Sa ating pakikipaglaban sa ating mga karapatan ay hindi maiiwasan na ito ay nalalabag.

1. Mahalaga ba ang pagsasabatas ng mga karapatan?
2. Bakit nagkakaroon ng paglabag sa karapatang pantao?
3. Ano ang papel na ginagampanan ng ating pamahalaan sa pangangalaga sa karapatan ng mamamayan?



## *Isagawa/Pagyamanin*

***Gawain 1:*** Para sa iyo, ano ang dalawang pinakamahalagang patakaran ng pamahalaan tungkol sa pangangalaga ng mga karapatan ng mga mamamayan? Ipaliwanag ang iyong sagot.

| Pangangalaga ng Karapatan | |
|---|---|
| 1. | 2. |

***Gawain 2***: Tukuyin kung anong anyo ng paglabag ng karapatan ang inilalarawan. Lagyan ng ekis (X) ang kahon.

| Sitwasyon | Pisikal | Sikolohikal at Emosyonal | Estruktural o Sistematikong |
|---|---|---|---|
| 1.Binugbog ng kanyang nanay si Nena dahil hindi siya nakapagluto ng agahan. | | | |
| 2. Dinukot ang isang bata sa may kanto | | | |
| 3.Itinali si Manuel sa puno ng manga ng kanyang kapitbahay dahil pinagkamalan siyang nagnakaw ng manok. | | | |
| 4.Hinihipoan si Inday ng kanyang kaibigan. | | | |
| 5.Ikinulong si Alex ng dalawang araw dahil napagbibintangan siya na *drug pusher*. | | | |
| 6.Laging humihingi ng pera ang kaklase ni Pedro at itinatapon ang kanyang baon kapag hindi siya nagbibigay ng pera. | | | |
| 7.Inalipin ng kanyang nakatatandang kapatid si Ana | | | |
| 8.Ipino-*post* ng kaibigan ni Ina ang kanyang mga masiselang larawan sa *social media* | | | |

| | | | |
|---|---|---|---|
| 9.Hindi nakarating sa baryo nina Angel ang *vaccine* dahil nakatira sila sa isang malayong isla. | | | |
| 10.Pinipilit si Roy na magtrabaho bilang pambayad ng utang ng kanyang pamilya. | | | |



## *Tayahin*

**Panuto**: Gamit ang iyong sagutang papel. Isulat ang titik ng tamang sagot.

1. Ayusin ang mga dokumentong nasa loob ng kahon batay sa pagkabuo ng mga karapatang pantao mula sa sinaunang panahon hanggang sa kasalukuyan.

| | |
|---|---|
| *1. Magna Carta* | *3. First Geneva Convention* |
| *2. Cyrus Cylinder* | *4. Universal Declaration of Human Rights* |

A. 1324 B. 3124 C. 2134 D. 1234

2. Ano ang tinaguriang "kauna-unahang katibayan ng karapatang pantao ng daigdig"?
   *A. Rosetta Stone*
   *B. Magna Carta 1215*
   *C. The Cyrus Cylinder*
   *D. English Bill of Rights*

3. Alin dito ang may ibig sabihin na "*The Great Charter*" sa *English*?
   *A. Rosetta Stone*
   *B. Magna Carta 1215*
   *C. The Cyrus Cylinder*
   *D. English Bill of Rights*

4. Alin dito ang ginawa ni Sir Edward Cook para matugunan ang pang aabuso ni Haring Charles I?
   *A. Rosetta Stone*
   *B. Magna Carta 1215*
   *C. The Cyrus Cylinder*
   *D. English Bill of Rights*

5. Alin dito ang nagtatag ng unang *Red Cross* o mas kilala ngayon bilang *International Committee of Red Cross and Red Crescent*?
   *A. Magna Carta*
   *B. 1st Geneva Convention*
   *C. US Bill of Rights*
   *D. English Bill of Rights*

6. Ano ang linagdaan ng 48 na kasapi ng UN upang hindi na mauulit ang pang-aabuso na naganap noong Ikalawang Digmaang Pandaigdig?
   A. *Magna Carta* C. *Human Rights*
   B. *English Bill of Rights* D. *Universal Declaration of Human Rights*
7. Alin dito ang dokumentong tinuturing na "*International Magna Carta for all Mankind*"?
   A. *Magna Carta of 1215* C. *US Bill of Rights*
   B. *English Bill of Rights* D. *Universal Declaration of Human Rights*

8. Kadalasan ang pananakit at pambubugbog ay nangyayari sa loob mismo ng tahanan. Sino ang kadalasang lumalabag sa karapatan?
   A. Kapamilya B. Kaibigan C. Terorista D. Kriminal

9. Anong uri ng paglabag ang makikita kapag ang isang mag-aaral ay pinagsabihan ng guro na gawin ng maayos ang kanyang modyul?
   A. Pisikal C. Estruktural
   B. Sikolohikal at Emosyonal D. Walang naganap na paglabag

10. Anong uri ng paglabag sa karapatan ang ipinakita ni Elise nang sinigawan at minura niya si Nena?
   A. Pisikal C. Estruktural
   B. Sikolohikal at Emosyonal D. Walang naganap na paglabag


11. Anong uri ng paglabag ang makikita kung saan kinulong si Arme ng tatlong araw at sinuntok ng pulis dahil sa bintang na panggagahasa?
   A. Pisikal C. Estruktural
   B. Sikolohikal at Emosyonal D. Walang naganap na paglabag

12. Anong uri ng paglabag ang makikita sa situwasyong ito,"hindi dumating ang vaccine na inaasahan ng pamilya ni Ira walang daan na maayos patungo sa kanila"?
   A. Pisikal C. Estruktural
   B. Sikolohikal at Emosyonal D. Walang naganap na paglabag

13. Bakit mahalagang gamitin natin ang ating karapatang bumoto?
   A. Upang hindi mawala ang ating pagkamamamayan.
   B. Upang maiwasan nating masangkot sa gulo o karahasan
   C. Upang mailoklok natin ang mga opisyal na magbibigay ng pera
   D. Upang mailoklok natin ang mga opisyal na sa tingin natin ay ipaglalaban ang karapatan natin at kabutihang panlahat.

14. Alin ang pahayag na naglalarawan ng isang Pilipinong iginigiit ang kanyang karapatan bilang mamamayan?
    A. Nakikinig siya sa mga hinaing ng mga taong naaapi.
    B. Nanonood siya ng mga serye ng kuwento tungkol sa karapatang pantao
    C. Aktibo siya sa isang peace and order committee ng kanilang barangay
    D. Ipinauubaya niya sa mga opisyal ng barangay ang pagpapasya sa mga proyektong dapat isagawa sa kanilalng komunidad.

15. Alin sa mga sumusunod ay nagpapakita ng kaugnayan ng karapatang pantao sa isyu at hamong pangkapaligirang kinakaharap ng tao sakasalukuyan?
    A. Ang karapatan sa pagkakapantay-pantay ang simula sa pagharap ng suliraning pangkapaligiran.
    B. Ang karapatan sa pamamahinga at paglilibang ang dahilan kung bakit kailangang tugunan ang mga isyung pangkapaligiran.
    C. Ang karapatan sa edukasyon ang nagbibigay-daan upang matutunan ang kahalagahan ng pagsusumikap ng bawat tao na pangalagaan ang kapaligiran.
    D. Ang karapatang mabuhay sa pamamagitan nga pagkakaroon ng ligtas na kapaligiran ang pundasyon sa paggawa ng mga hakbang upang matuguan ang isyung pangkapaligiran.



## *Karagdagang Gawain / Takdang Aralin*

Sumulat ng isang liham sa kinauukulang tanggapan ng pamahalaan tulad ng DepEd, DSWD, CHR at iba pa upang maiparating ang mga paglabag sa karapatang pantao lalo na sa karapatan ng mga bata na nangyayari sa sariling komunidad higit na ngayon na panahon ng pandemya. Tiyakin na may matibay na ebidensiyang maipakikita sa liham. Tukuyin rin ang espisipikong paglabag sa karapatan batay sa isinasaad ng Saligang Batas at iba pang mga batas, at isa-isahin ang particular na aksyon nan ais isagawa ng kinauukulang tanggapan ng pamahalaan. Isulat ito sa isang *short size bondpaper* na may kaukulang margin.  Gawing batayan ang rubrik para sa pagmamarka.

**Rubrik**

| Pamantayan | Napakahusay (4) | Mahusay (3) | Katamtaman (2) | Kailangan ng Dagdag na Pagsasanay (1) |
|---|---|---|---|---|
| **Paglalahad** | Malinaw na nailahad ang mensahe sa liham. | Hindi gaanong malinaw ang mensahe sa liham. | May kalabuan ang mensahe. | Malabo ang mensahe. |
| **Kawastuhan** | Wasto ang detalye o ebedinsya ng liham. | May isa o dalawang mali ang detalye o ebedinsya ng liham. | May mga mali sa mga detalye o ebedinsya ng liham. | Walang laman na ebidensya ang liham. |
| **Kompleto** | Kompleto ang detalye ng mensahe ng liham. | May isang kulang sa detalye ng mensahe ng liham | May ilang kulang sa detalye ang mensahe ng liham | Maraming kulang sa detalye ng mensahe ng liham |
| **Pagkakagawa** | Napakamakatutuhan ng liham | Makatutuhanan ang pagkakagawa ng liham. | Hindi gaanong kombinsido ang pagkakagawa | Magulo ang pagkakagawa. |

## *Susi sa Pagwawasto*

**Gawain 2:**

1. Pisikal
2. Pisikal
3. Sikolohikal
4. Pisikal
5. Pisikal
6. Sikolohikal
7. Pisikal
8. Sikolohikal
9. Estruktural
10. Sikolohikal

## *Sanggunian*

- Evangeline M. Dallo, E. D. (2017). *Kayamanan - Kontemporaryong Isyu.* Quezon City: Rex Printing Company Inc.
- Ronaldo Ba. Mactal, PhD. (2017). Padayon 10 - Mga Kontemporaryong Isyu. Quezon City: Phoenix Publishing House
- *Module sa Araling Panlipunan - Kontemporaryong Isyu.* (n.d.). Kagawaran ng Edukasyon.
- officialgazette.gov.ph


*final copy 6/2/21*